# Unang Hakbang upang Mapanatili ang Kalusugan

# Magpa- Cancer Screening!



Alam ba ninyo? Sa buong buhay ng tao at sa panahon ngayon, isa (1) sa dalawang (2) tao ang nagkakaroon ng kanser. Kung kaya't, pinaka importante ang maagang pagtuklas nito! Hinihimok ang lahat na magpa- cancer screening.

## Q. Mas mabuti ba na magpatingin o screening kahit na walang sintomas na nararamdaman?

**A.** Walang sintomas na mararamdaman sa unang yugto ng kanser. Kailangan magpatingin sa doktor o espesyalista upang malaman ito.
**Kung kaya't importanteng magpatingin o screening kahit na walang nararamdamang sintomas.**

## Q. Anong screening ang makukuha?

**A.** Nag- aalok ang mga munisipyo ng mga check- up na makukuha sa bayad na ￥500~￥1,500. Tignan ang mga halimbawa sa ibaba.



### Screening na Makukuha sa Munisipyo

| Lokasyon | Gagawin sa Check-up | Angkop na Edad at Kadalasan | |
|---|---|---|---|
| Stomach Cancer | Alinman sa medikal interview at x-ray ng tiyan; o Gastroscopy (Mula 2016, makukuha na ito sa mga piling munisipyo) | 50 pataas; 1 beses sa 2 taon<br>＊Pansamanltala, maaaring gawin ang X-ray sa tiyan isang (1) beses sa isang (1) taon para sa edad 40 pataas. | |
| Colon Cancer | Medikal interview at test ng dumi | 40 pataas | 1 beses sa 1 taon |
| Lung Cancer | Medikal interview, chest x-ray, test ng plema (ayon sa doktor) | 40 pataas | 1 beses sa 1 taon |
| Breast Cancer | Medikal interview at x-ray ng suso (mammography) | 40 pataas | 1 beses sa 2 taon |
| Cervical Cancer | Medikal interview, biswal na exam, pap smear test o internal exam | 20 pataas | |

Ang cancer screening ay maaaring gawin sa mga medikal na institusyon at screening center tuwing general checkup ng kumpanya. Para sa mga taong hindi makakuha ng general checkup, ipinapatupad din ang screening sa munisipyo kung saan nakarehistro ang inyong tirahan. Tignan sa likod ang tanggapan at telepono ng bawat munisipyo.